




“Pagbubong”

Ang mga importanteng payo para sa kaligtasan at kalusugan

Mga pang-iwas na hakbang mula sa bubong

(1) Safety helmet, mga safety shoes




Mga bagay na susundan

1. Dapat na magsuot nang tama ng helmet.
2. Dapat na maayos na naikabit ang chinstrap ng helmet.
3. Gumamit ng safety shoes na hindi madulas o madaling natutupi
4. Gumamit ng safety shoes na poprotekta sa mga daliri ng iyong paa sa mga mahuhulog na materyales , atbp.

(2) Personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (kumpletong harness na pang-iwas ng pagkakahulog)

personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (buong harness na pang-iwas ng pagkakahulog)

Ito ay masyadong ligtas na safety belt na nagbabahagi ng epekto ng paghinto ng pagbagsak sa maraming bahagi ng katawan tulad ng mga hita, balikat, at baywang ng katawan, sa pamamagitan ng pagbawas ng bigat ng katawan.




Mga bagay na susundan

1. Kapag mahirap i-set up ang plataporma ng trabaho sa taas na 2m o higit pa, ang “Ang Natatanging edukasyon sa kaligtasan at kalusugan” ay kinakailangan para magamit ang personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (buong harness na pang-iwas ng pagkakahulog).
2. Paggamit ng torso belt type (isahang suspension type) para sa taas na 5m o mas mababa.
3. Ikabit natin ito nang tama.


(3) Paggamit ng mga andamyo

Depende sa kondisyon ng site at ang uri ng konstruksiyon, ang mga andamyo ay ginagamit pataas at pababa. Sa pagdaan sa andamyo, ikinakabit ang mga barandilya at pahigang gitnang bar.



Ang andamyo para sa bubong ay ginagamit para sa pagpunta sa itaas at ibaba


(4) Ang paraan ng pagkabit ng pang-bertikal na linyang pangkaligtasan (pangunahing linya) 1



Mga bagay na susundan


1. Gamitin natin ang nakakatugon sa lakas na tumatalima sa Mga Pamantayang Pang-industriya ng Japan.
2. Tiyaking ikabit ng mahigpit sa mga suporta nang walang maluwag.
3. Gumamit ng isahan linya ng pangkaligtasan sa isang tao, at iwasan ang paggamit nito nang maramihang tao nang sabay-sabay.

(5) Ang paraan ng pagkabit ng pang-bertikal na linyang pangkaligtasan (pangunahing linya) 2



Mga bagay na susundan

Kapag lumalapit sa paligid ng verge, kailangang palakasin ang pangunahing lubid o karagdagang bertikal na pangunahing lubid na may fixing na lubid, para hindi gumagalaw na pahiga.



Huwag gumamit ng higit sa isang safety block na nakakabit sa pangunahing lubid (bertikal na lubid na pangkaligtasan).

Mga bagay na susundan

Kapag maraming tao ang nagtatrabaho sa bubong nang sabay-sabay, kinakailangang magdagdag ng mga bertikal na linya ng pangkaligtasan ayon sa bilang ng mga trahabador.

(6) Ligtas na paraan ng pagtrabaho sa bubong

Mahahalagang bagay para maiwasan ang aksidenteng pagbagsak

Kapag naglalagay ng mga materyales sa bubong, nagsasagawa ka ba ng pag-iingat ng paglagay ng mga materyales sa pamamagitan ng paglatag ng mga tungtungang board ng andamyo?

Kapag nagtatrabaho sa bubong, gumamit ka ba ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog)?

Sa platform sa trabaho (daanan), may inilaan bang lawak na 30cm o higit pa?

May nakalagay bang pamprotektang net para maiwasan ang panganib ng pag-tread sa talampakan ng paa ng trabahador?

Kapag dapat na itaas o ibaba sa gilid ng bubong, gumagamit ka ba ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog)?

Mayroon bang uphill pier sa bubong?

Mga bagay na susundan


1. Magsagawa ng mga pag-iingat tulad ng pagkabit ng plataporma sa trabaho at bakod.
2. Gumamit tayo ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog)
3. Sumunod sa mga bilin ng kapatás kapag umaakyat sa basang bubong sa panahon ng ulan o niyebe.
4. Maglaan tayo ng ligtas na daanan.

(7) Kapag gumagamit ng gumagalaw ng hagdanan para bumaba sa bubong

Mga bagay na susundan

Kapag nagtatrabaho sa bubong at gumagamit ng naililipat na hagdan para bumaba sa bubong, sundin ang mga sumusunod:

1. Kapag bumababa sa bubong mula sa itaas na bahagi ng hagdan sa isang eave, mag-ingat na manatili nang nasa pagitan ng partikular na lugar sa itaas ng itaas na dulo ng hagdan (sa loob ng 1m lawak)
2. Bumaba sa hagdan sa pamamagitan ng pagkabit na harness na pang-iwas ng pagkakahulog sa safety block na nakakabit sa itaas ng hagdan.




(8) Marami ang mga naturang aksidente

Kaso ng aksidente 1

Ang biktima ay nagkakabit ng mga sheathing roof board sa bubong ng dalawang palapag na timber na bahay, mali ang pagtapak at nahulog sa lupa.

Mga bagay na susundan

1. Magkabit tayo ng andamyo sa paligid ng gusali.
2. Magkabit tayo ng linyang pangkaligtasan at gumamit ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog).



Kaso ng aksidente 2

Noong gumagalaw sa slate na bubong sa konstruksiyon ng bubong ng warehosue, itinapak ng biktima ang talampakan at nahulog, tumama ang kanyang ulo sa kongkretoong sahig.

Mga bagay na susundan

1. Kapag nagtatrabaho ka sa slate na bubong, maglagay ng “load board” para maiwasan ang pag-tread sa talampakan ng iyong mga paa.
2. Kapag nagtatrabaho sa mga slate, gumamit ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog) na may pamprotektang net at pangkaligtasang linya.

